Ano Ang Kailangan Ninyong Malaman

Tungkol sa Batas ng Ontario para sa Mga Pamantayan sa Trabaho

Ang Batas para sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, 2000), na kilala rin na ESA, ay isang batas na nagtatakda ng mga pinakamababang pamantayan para sa mga lugar ng trabaho sa Ontario. **Malamang na protektado kayo ng ESA kung nagtatrabaho kayo sa Ontario**. Hindi nito saklaw ang mga empleado ng pamahalaang pederal at ang mga ilang empleado na nasa mga ibang di-pangkaraniwang kategorya. May mga eksepsiyon at mga tuntuning pasadya para sa mga ilang empleado at hindi lahat ng mga empleyado ay kwalipikado para sa lahat ng mga patakaran ng ESA.

Ang Inyong Mga Karapatan at Tungkulin sa Trabaho

Hindi puwedeng takutin, sisantihin, suspindihin o parusahan ang empleado ng kanyang pinagtatrabahuhan, o magbantang gagawin ang alinman sa mga ito dahil hinihiling ng empleado ang kanyang mga karapatan alinsunod sa ESA o nagtatanong siya tungkol sa mga ito. Makokontak ng empleado ang Kagawaran ng Paggawa (Ministry of Labour) para humingi ng tulong kung sa palagay niya ay hindi sinusunod ng kanyang pinagtatrabahuhan ang batas para sa ESA.

Bigyan ng Pansin: Kailangang kausapin muna ng mga empleadong miyembro ng unyon ang kanilang kinatawan sa unyon bago nila kontakin ang Kagawaran ng Paggawa (Ministry of Labour) kung sa palagay nila ay linalabag ang kanilang mga karapatan.

Oras ng Trabaho – Ang mga empleado ay karaniwang hindi maaaring piliting magtrabaho nang higit sa

- Pang-araw na takda: 8 oras bawat araw o ang dami ng oras sa karaniwang araw ng trabaho, kung ito'y mas higit sa 8. Ang mga empleado ay maaaring magtrabaho nang higit sa pang-araw na takda kung natutugunan ang mga pangangailangan upang makuha ang kanilang kasunduang nakasulat.
- Pang-linggong takda: 48 hours a week.Ang mga empleado ay maaaring magtrabaho nang higit sa 48 na oras sa isang linggo kung natutugunan ang mga pangangailangan upang makuha ang kanilang kasunduang nakasulat at ang maypatrabaho ay may pagpapatibay ng Patnugot ng mga Pamantayan sa Trabaho (Director of Employment Standards). (Sa ilang mga kaso at alinsunod sa mga pagtatakda, kung ang isang kahilingan sa pagpapatibay ay hindi pa napagpapasiyahan nang di-kululangin sa tatlumpung araw, ang mga empleado ay maaaring magtrabaho nang nakatakdang dami ng sobrang oraw sa lingo.)

Mga Panahon ng Pamamahinga – Kailangan ang mga empleado ay karaniwang may hindi kukulangin sa:

- 11 magkakasunod na oras sa isang araw na hindi nagtatrabaho
- 24 magkakasunod na oras sa isang linggo na hindi nagtatrabaho o 48 magkakasunod na oras na hindi nagtatrabaho tuwing 2 linggo

Bayad para sa Overtime – Kailangang bayaran ng overtime ang karamihan ng mga empleado kapag sila ay nagtatrabaho ng higit pa sa 44 na oras sa isang linggo. Kailangang hindi kukulangin sa 1½ ng regular na sahod ang bayad para sa overtime.

Itinakdang Pinakamababang Sahod – Ito ang pinakamababang sahod para sa bawat oras na mababayad sa isang empleado ng kanyang pinagtatrabahuhan.

Pebrero 1, 2007	Marso 1, 2008	Marso 31, 2009	Marso 31, 2010
$8.00 para sa isang oras	$8.75 para sa isang oras	$9.50 para sa isang oras	$10.25 para sa isang oras

Bigyan ng Pansin: Iba ang pinakamababang sahod na itinakda para sa mga estudyante, mga nagsisilbe ng alak, mga manggagawang pantahanan at mga guide sa hunting at pangingisda.

Araw ng Pagsahod – Kailangang binabayaran ang mga empleado sa isang kinaugalian, paulit-ulit na araw ng pagsahod at binibigyan ng ulat na pinapakita ang kanilang sahod at ang mga inaawas para sa panahon ng pasahod na iyon.

Panahon ng Bakasyon at May-Bayad na Bakasyon – Ang karamihan ng mga empleado ay nararapat para sa hindi kukulangin sa 2 linggong bakasyon pagkalipas ng 12 buwan ng pagtatrabaho. Ang mga empleado ay may karapatang bayaran nang hindi kukulangin sa 4 na porsiyento ng kanilang kabuuang sahod para sa may-bayad na pagbabakasyon.

Mga Piyesta Opisyal – Ang Ontario ay may 9 piyesta opisyal kada taon (Bagong Taon, Family Day, Biyernes Santo, Victoria Day, Canada Day, Labour Day, Thanksgiving Day, Pasko, ika-26 ng Disyembre). Ang karamihan ng mga empleado ay binibigyan ng may-bayad na bakasyon para sa mga araw na ito.

Mga May Pahintulot na Pagliban sa Trabaho – Ang mga empleadong nararapat ay may karapatang gamitin itong mga may pahintulot na pagliban sa trabaho na hindi binabayaran at protektado ang trabaho:

- 17 linggo na pagliban para sa pagbubuntis.
- 35 o 37 linggo na pagliban para sa pag-alaga ng (mga) bata.
- 10 araw na pagliban para sa personal na emergency tuwing isang buong taon na para sa pagkakasakit, pagkakapinsala o medical emergency ng empleado, o para sa pagkamatay, pagkakasakit, pagkakapinsala, medical emergency ng o para sa isang kailangang-kailangan na kadahilanan na may kinalaman sa mga ilang miyembro ng pamilya.
- 8 linggo na pagliban para sa pagkakasakit sa pamilya sa 26 na linggong panahon upang alagaan o tulungan ang mga ilang miyembro ng pamilya at mga tao na kinakapamilya ng empleyado na may malubhang sakit at may malaking panganib na mamamatay sa loob ng 26 na linggo.
- Dineklarang emergency leave.
- Reservist leave.

Pagpapabatid ng Pagwawakas sa Pagtrabaho at Bayad para sa Pagwawakas sa Pagtrabaho – Kailangang bigyan ang empleado ng kanyang inagtatrabahuhan ng isang paunang nakasulat na pagpapabatid ng pagwawakas sa pagtrabaho, o bayaran siya para sa pagwawakas sa pagtrabaho sa halip ng paunang pagpapabatid, o pareho, kung ang empleado ay nagtrabaho ng 3 buwan o higit pa at winakasan ang kanyang pagtatrabaho

Mga Batang Manggagawa – ***Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iyong mga karapatan at pananagutan sa trabaho, bumisita sa: www.labour.gov.on.ca/english/site/youngworkers***

May mga iba pang karapatang alinsunod sa ESA na hindi nakalista sa paskil na ito.

Makipagsangguni sa Kagawaran ng Paggawa (Ministry of Labour) para sa Karagdagang Impormasyon

Tumawag sa 416-326-7160, o 1-800-531-5551 (walang bayad) o TTY 1-866-567-8893 (para sa may kahirapan sa pagdinig).
Bumisita sa www.labour.gov.on.ca para sa karagdagang impormasyon at upang makipagsangguni sa Kagawaran sa pamamagitan ng e-mail.
Maaaring makakuha ng mga claim form ng Employment Standards kung bibisitahin ang ServiceOntario Centre. Upang malaman kung nasaan ang pinakamalapit na sentro sa iyo, tumawag sa 1-800-267-8097.

Version 4.0

© Queen's Printer for Ontario, 2008 Printed in Canada
ISBN 978-1-4249-5842-9 (Print)
ISBN 978-1-4249-5843-6 (HTML)
ISBN 978-1-4249-5844-3 (PDF)

Filipino
"What You Should Know about the Ontario Employment Standards Act" is also available in English, French, and other languages.
« Ce qu'il faut savoir sur la *Loi sur les normes d'emploi* de l'Ontario » est également disponible en anglais, en français et en d'autres langues.